HM Government

Grenfell community updates

# Grenfell Tower: September 2025 community update – Tagalog / Tagalog

**Grenfell Tower: Update sa komunidad para sa Setyembre 2025**

Kinikilala namin na ang Grenfell Tower ay may malalim na personal na kahalagahan para sa mga pinakaapektado ng trahedya at na ang lupain ay sagrado para sa mga pamilya. Ibinabahagi namin ang impormasyon kung paano sisimulan na gibain ng pamahalaan at mga contractor namin ang Grenfell Tower nang may paggalang at pag-iingat, at ang mga pagkakataon kung paano ninyo kami makakausap.

Sa update na ito, malalaman ninyo ang higit pa tungkol sa:

- **Ginagawa para maingat na gibain ang Grenfell Tower**
- **Pagbabahagi ng mga plano sa pamamahala sa kapaligiran**
- **Kung paano n'yo kami makakausap**
- **Suporta sa kalusugan at kapakanan**

## Update sa ginagawa para maingat na gibain ang Grenfell Tower.

Nakatuon ang pamahalaan sa pagsiguro na isinasagawa ang mga trabaho sa site ayon sa pinakamataas na pamantayan at may paggalang sa kahalagahan ng gusali. Dinisenyo ang metodolohiya upang bawasan ang abala sa mga taong naninirahan, nag-aaral, at nagtatrabaho sa paligid, pati na rin sa mga pumupunta sa lugar upang magbigay ng kanilang paggalang.

Noong Hulyo, nagbahagi kami ng impormasyon kung paano isasagawa ng pangunahing contractor (DUK) ang trabaho para maingat na gibain ang Tower at kung paano magalang na itatabi ang mga materyales mula sa Tower. Maaari mong basahin ang tungkol dito sa pagpunta sa: Grenfell Tower site update - GOV.UK.

Noong tag-init, isinagawa ng DCUK ang mga gawaing paghahanda, kabilang ang pag-i-install ng crane. Na-install na ang pangalawang banner, at natanggal na ang itaas na banner. Pinapailaw ang pangalawang banner mula takipsilim hanggang 11pm. Natapos na ang trabaho sa pagtatanggal ng plant room (na naglalaman ng heating at tangke ng tubig) mula sa itaas ng Tower. Nagsisimula na ang gawain sa mga residential floor. Unti-unti nang ibinababa ang taas ng wrapping habang maingat na nagpapatuloy ang trabaho mula sa itaas ng gusali pababa, bawat palapag. Inaasahan naming matatapos ang gawain sa 2027.

## Pagbabahagi ng mga plano sa pamamahala sa kapaligiran

Noong Hulyo, nagbahagi kami ng impormasyon kung paano namin susubaybayan at pamamahalaan ang kalidad ng hangin, ingay, at pangangasiwaan ang traffic para bawasan ang abala, at maging sensitibo hangga't maaari.

Maaari ninyong basahin ang update sa komunidad dito:
Update sa site ng Grenfell Tower: Pagsubaybay sa kapaligiran - GOV.UK

Nagbibigay ang update na ito ng higit pang impormasyon tungkol sa aming pagsubaybay sa kalidad ng hangin, alikabok, at antas ng ingay, at kung anong mga hakbang ang isasagawa namin kapag lumampas sa mga threshold.

Ilalathala buwan-buwan ang impormasyon tungkol sa pagsubaybay sa kalidad ng hangin, ingay, at vibration.

Ginawa naming available ang mga sumusunod na plano at ikalulugod naming talakayin ang mga ito sa inyo:

- Plano ng pamamahala sa kalidad ng hangin at alikabok (AQDMP)
- Plano ng pamamahala sa ingay at vibration (NVMP)

Ginawa ang mga plano para sa DUK ng European Environmental Monitoring and Consultancy (EEMC), na espesyalista sa mga aspetong pangkapaligiran sa gawaing kontruksyon.

**Pagsubaybay sa Ingay at Vibration**

Ipinapakita ng NVMP ang espesipikasyon at estratehikong paglalagay ng mga monitor para sa ingay at vibration sa buong site.

Kabilang sa mahahalagang punto ang:

- Dalawang vibration monitor ang na-install sa timog na bahagi ng site.
- Tatlong monitor para sa ingay ang inilagay sa paligid ng hangganan ng site upang magbigay ng komprehensibong saklaw at bigyang-daan ang pagkolekta ng real-time na datos kaugnay ng antas ng ingay sa paligid at sa konstruksyon.
- Dinisenyo ang pag-install ng mga monitor na ito para suportahan ang proaktibong pamamahala at nasa sa oras na pagkontrol sa epekto, alinsunod sa pinakamahusay na kasanayan at pangregulatoryong gabay.
- Natasa ang site bilang may mataas na panganib sa ingay, at itinatakda ng NVMP ang isang plano para sa pagbawas ng mga epekto bilang tugon dito. Kasama sa plano na ito ang mga hakbang sa pagbawas ng mga epekto at mga protokol ng mahuhusay na kasanayan alinsunod sa gabay ng London Authorities Noise Action Forum (LANAF). Dinisenyo ang mga hakbang na ito para epektibong bawasan ang epekto ng ingay sa mga taong naninirahan, nagtatrabaho, at nag-aaral sa paligid, at para matiyak ang pagsunod sa mga kaugnay na pamantayan.

- Isinasaad ng NVMP ang mga antas ng ingay at vibration, at ang gagawing aksyon kapag lumampas sa mga naturang antas.

**Pagsubaybay sa Kalidad ng Hangin**

Itinatakda ng Plano ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin at Alikabok (AQDMP) ang mga legal na tuntunin at gabay para sa pagsubaybay sa kalidad ng hangin, pati na ang pinakamahusay na kasanayan mula sa Institute of Air Quality Management (IAQM) at Greater London Authority (GLA).

**Kabilang sa mahahalagang punto ang:**

- Mga Lokasyon ng Pagsubaybay: Limang monitor para sa kalidad ng hangin ang na-install sa paligid ng hangganan ng site, na estatehikong ipinuwesto sa direksyon ng hangin at ayon sa gabay ng IAQM.
- Tinatayang epekto: Gamit ang mga hakbang ng pagbawas sa epekto na nakasaad sa AQDMP, tinatayang hindi malaki ang residual na epekto ng alikabok na mula sa mga aktibidad, alinsunod sa gabay ng IAQM at GLA.
- Alerto at Mga Protokol ng Pagtugon: Ipinapaliwanag ng plano ang aksyon na gagawin kapag may natukoy na partikular na antas, at kung lampas iyon sa mga partikular na threshold, iimbestigahan ng tauhan ng site ang sanhi at magpapatupad ng karagdagang hakbang sa pagbawas ng epekto kung kinakailangan.

Patuloy na susuriin at imo-monitor ng UK Health Security Agency (UKHSA) ang kalidad ng hangin sa paligid ng Grenfell Tower habang isinasagawa ang trabaho. Magpapatuloy ang paglalathala ng mga ulat sa kalidad ng hangin bawat buwan. Maaari ninyong basahin ang pinakabagong ulat dito: Environmental monitoring following the Grenfell Tower fire - GOV.UK

## Kung paano makikipag-ugnayan sa amin o makakakuha ng karagdagang impormasyon

Nais naming magbahagi ng impormasyon sa paraan na makabuluhan sa inyo. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin kung may mga tanong o alalahanin kayo kaugnay ng mga gawain, o kung nais ninyong magsaayos ng pakikipag-usap sa amin. Ang aming email address ay GrenfellTowerSite@communities.gov.uk.

Patuloy kaming magbabahagi ng mga regular na update at impormasyon sa mga darating na buwan sa www.gov.uk/grenfell-community-updates (o i-scan ang QR code sa ibaba). Puwede rin kayong mag-sign up para sa mga notification sa email. Kung gusto ninyo, puwede naming direktang i-email sa inyo ang aming regular na mga update. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa GrenfellTowerSite@communities.gov.uk kung gusto mong ibahagi namin ang impormasyon sa ganitong paraan.

Maaari kayong makipagkita sa mga opisyal at sa aming pangunahing kontratista upang talakayin ang mga trabaho, ibahagi ang anumang alalahanin, at magtanong sa aming mga regular na pagpupulong. Handa kaming makipag-usap sa inyo nang

indibidwal o bilang grupo sa oras, petsa, at lugar na maginhawa at komportable para sa inyo.

### Kung kailangan ninyo ng suporta sa kalusugan at kapakanan

Patuloy na magiging available ang suporta para sa emosyonal at pisikal na kagalingan ng mga pamilyang naulila, mga nakaligtas, at mga residente sa paligid habang isinasagawa ang maingat na paggiba sa Tower.

Kung mayroon kayong anumang alalahanin sa kalusugan, mangyaring makipag-usap sa inyong GP.

Kung nais n'yo ng taong makakausap, puwede kayong:

- Tumawag sa Grenfell Wellbeing Service sa 020 8637 6279 (8am hanggang 8pm, araw-araw)
- Para sa isang emergency, tawagan ang Single Point of Access advice line ng CNWL sa 0800 0234 650 (bukas ito nang 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo
- Email: grenfell.wellbeingservice@nhs.net
- Bisitahin ang: www.grenfellwellbeing.cnwl.nhs.uk para sa karagdagang impormasyon

Para sa pinakabagong impormasyon at mga detalye tungkol sa mga available na serbisyo, bisitahin ang www.grenfell.nhs.uk.

Para sa pinakabagong mga update sa Grenfell Tower, at upang mag-sign up para sa mga notification sa email, pumunta sa: www.gov.uk/grenfell-community-updates i-scan ang QR code sa ibaba.

Nais naming malaman mula sa inyo kung paano ninyo mas gustong makatanggap ng mga update tungkol sa aming mga ginagawa bilang tugon sa trahedya. Kung nais ninyo, maaari ninyong ibahagi ang inyong opinyon sa pamamagitan ng maikling feedback form:
Komunidad ng Grenfell: Communications Feedback Form - GOV.UK

**Team ng pamamahala ng lugar ng Grenfell Tower**

**Ministry of Housing, Communities and Local Government**